

## **PAGLILINGKOD NA PAMBATAS UKOL SA IMIGRASYON**

Ang pambatas na payo ukol sa imigrasyon para sa mga miyembro ng komunidad na may kasahulang panlipunan o pananalapi ay makukuha mula sa Cairns Community Legal Centre Inc (ang Centre).

Ang pambatas na payo ukol sa imigrasyon ay ibinibigay ng Refugee and Immigration Legal Service Inc (RAILS) at hindi ng Centre. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Migration Law Service tumelepono sa RAILS sa 3846 3189.

Puna: May istriktong oras para sa mga bagay na ukol sa imigrasyon. Kung maaapektuhan kayo, agad-agad na tumelepono sa RAILS.

Ang polyetong ito ay nasa ibang wika sa aming website. Ang mga polyetong nakasulat sa ibang wika ay pinondohan ng Legal Practitioner Interest on Trust Accounts Grant Fund.

Ang impormasyon sa polyetong ito ay tama mula Oktubre 2006. Maaari itong mabago nang walang pasabi.

## **GUSTO MO BANG HIGIT PANG KAALAMAN ?**

**Kontakin ang Cairns Community Legal Centre Inc.**

### **Upisina:**

Level 1  
Main Street Arcade  
85 Lake Street  
(PO Box 7129)  
CAIRNS Q 4870

Makapapasok ang silyang may gulong.

### **Telepono:**

(07) 4031 7688 (Masaklaw na Paglilingkod na Pambatas)  
(07) 4031 7358 (kliyente ng DDLS sa Cairns)  
1800 650 197 (kliyente ng DDLS sa labas ng Cairns)  
(07) 4031 7179 (Paglilingkod na Pambatas para sa Katandaan)

### **Web Site:**

[www.cclc.org.au](http://www.cclc.org.au)

**Salamat sa mga boluntaryo sa kanilang oras at kabutihang-loob upang suportahan ang Cairns Community Legal Centre Inc at ang mga layunin nito.**

**Kung hindi sa mga taong ito, ang Sentro ay hindi makapagbibigay ng maraming paglilingkod nito.**

Ang **LIBRENG** pambatas na payo, impormasyon at pagsangguni ay makukuha mula sa

**CAIRNS  
COMMUNITY  
LEGAL  
CENTRE INC.**

**Cairns Community Legal Centre (Sentrong Pambatas na Pangkomunidad sa Cairns) para sa mga miyembro ng komunidad na may kasahulang panlipunan o pananalapi**



## **ANO ANG CAIRNS COMMUNITY LEGAL CENTRE INC ?**

Ang Cairns Community Legal Centre Inc (ang Centre) ay isang organisasyon sa komunidad na walang kinikitang tubo.

Ang Centre ay pinalalakad ng mga boluntaryo at ng iilan lamang na kawani.

## **PARA ANO ANG CENTRE ?**

Ang Centre ay nagbibigay ng LIBRENG pambatas na payo, impormasyon at pagsangguni para sa mga miyembro ng komunidad na may kasahulang panlipunan o pananalapi.

Nagbibigay ang Centre ng:

### **(a) A General Legal Service (Isang Masaklaw na Paglilingkod na Pambatas)**

Ang General Legal Service ay nag-aalay ng LIBRENG pambatas na payo, impormasyon at pagsangguni ukol sa batas kaugnay ng krimen, trapiko, pamilya, aksidente sa sasakyan, utang, seguro, reklamo mula sa mamimili, trabaho, diskriminasyon, inkorporadong samahan, alitan ng kapitbahay, pagkabangkarota at iba pang pambatas na bagay.

Ang General Legal Service ay para sa mga taong nakatira o nagtatrabaho sa Far North Queensland (pahilaga mula sa Cardwell hanggang sa Torres Strait at pakanluran sa Normanton/Karumba).

### **(b) Ang Disability Discrimination Legal Service (DDLS)**

Ang Disability Discrimination Legal Service (DDLS) ay isang espesyalistang paglilingkod na pambatas.

Nag-aalay ang DDLS ng LIBRENG pambatas na payo, impormasyon at pagsangguni ukol sa reklamong diskriminasyon (gaya ng di-mabuting pakikitungo sa mga tao dahil sa kanilang kawalang-lakas).

Ang DDLS ay para sa mga taong may kawalang-lakas na nakatira sa North Queensland (pahilaga mula sa Sarina hanggang sa Torres Strait at pakanluran sa hangganan ng Queensland / Northern Territory).

Sa ilang kaso, ang mga kaugnay ng mga taong may kawalang-lakas, tulad ng kaibigan, kapareha o tagapag-alaga ay makagagamit din sa DDLS.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa DDLS basahin ang aming polyeto tungkol sa DDLS o tumelepono sa DDLS.

### **(c) A Seniors Legal Service (Paglilingkod na Pambatas para sa Katandaan)**

Ang Seniors Legal Service ay para sa katandaan. Tumelepono sa Centre para magtanong.

## **PAANO AKO KUKUHA NG PAMBATAS NA PAYO ?**

Kailangang magtakda ng oras para humingi ng pambatas na payo. May mga nakatokang oras para sa pagtatakda. Tumelepono sa Centre para magtanong.

## **EDUKASYONG PANGKOMUNIDAD UKOL SA BATAS**

Nagbibigay din ang Centre ng diskurso, workshop at seminar para sa mga grupong pangkomunidad tungkol sa ibat ibang pambatas na bagay.

Tumelepono sa Centre para magtanong.

## **PAGSANGGUNI**

Sa kasamaang-palad, hindi laging nakatutulong ang Centre.

Kung hindi makatutulong ang Centre, magsisikap kaming isangguni kayo sa angkop na organisasyon.

## **SINO ANG NAGPOPONDO SA CENTRE ?**

Ang Centre ay pinopondohan ng Pamahalaan ng Estado at Komonwelt, butaw ng miyembro at donasyon mula sa taong-bayan.

## **MAGBABAYAD BA AKO ?**

Karaniwan, libre ang mga paglilingkod.

Kung minsan baka may babayaran ka sa ibang nagasta. Kung may babayaran, kakausapin ka tungkol dito.

Tumatanggap din ng donasyon!

## **MAKAKUKUHA BA AKO NG INTERPRETE ?**

Karaniwan (**pero hindi palagi**) ang Centre ay makapag-aayos ng libreng interprete.